

Ang Wika ng Dagat ay Layo

Ang Wika ng Dagat ay Layo

Alhambra

Estranghero

Babel

Bahasa

Aleppo

Banayad na Lakbayin

Pawikan

Bakolod

Maynila

Mga Langgam ang Cuyo

Silid Natin Itong Nakaw na Ngayon

Ulap ni Magallanes

Sidney

Lamig, Turuan Ako

Hinggil sa Pagsasalin ng Materya sa Liwanag

“At kapag hindi siya sumagot,
mababatid kong nasaid na ang kaniyang mga salita
kaya marahang-marahang ibubulong ko, *mahal na mahal kita*
nang dalawampu’t pito at kalahating ulit
at pagkatapos, mauupo kami sa magkabilang panig
ng linya, nakikinig sa paghinga ng isa’t isa.”

— *The Quiet World*, Jeffrey McDaniel

Alhambra

Nang igapos ako ng mga sinulid
ng takot at isinumpa
sa paanan ng Alhambra,
pumapanaog siya: matandang babae
na ugod-ugod, kulay-batis na naglumot
ang mga mata at bunging-bunging kahoy
ang mga ngipin. Naglaho ang mga tao
pagngiti niya. Lumagitik ang hangin.

Iniabot niya sa akin ang isang pilas
ng sanga ng pino, mga karayom
na tumutusok sa daliri ang mga dahon.
Sinapo niya ang kamay ko, at binagtas
ng hintuturo ang mga uka ng kapalaran.
Marahang-marahan niyang iniusal ang hula —
Eres afortunado. Tu madre, contenta.
Tu corazón, muy fuerte. Y tendrás dos hijos
algun dia.

Sa wikang katutubo ng mga bato
ng Alhambra, humabi siya ng lambat
ng hikmat. Kay papayak ng salita
ngunit nagpipintig ang bawat pantig
ng kapangyarihan: mga hibla ng hiwaga
na nagbigkis sa aking mga kamay,
bumusal sa bibig, at gumapos sa buong katawan.

Tumitig siya sa mata ko — *por la quiromancia,*
por favor — at nagsahod ng palad, habang lumalalim
ang batis niyang mga matang kinakawkaw ng anino
ng uwak. At biglang tila bumubulong ang lawiswis
ng mga dahong hindi humahapay, *no lo sabes,*
que la salamanca siempre tiene un costo? — hindi mo ba alam
na laging may kapalit ang hiwaga?

Noon ko nabatid sa itim na ibong nakadapo
sa kaniyang balintataw na namamaos ang tinig
ng dalangin kapag itinitik sa malayong lupain.
Wala akong maiimik sa harap ng kaniyang salamangka
sumpa man o dasal, ni gayuma, ni barang.
Hinablot niya ang aking bisig, at mga kuko
ng ibong mandaragit ang bumaon sa balat.
At natagpuan kong humahapay ako sa himig
ng kaniyang kulam, dumudulog sa ipinag-utos,
nag-aabot ng salapi
mulit muli
hanggang marinig ang pagaspas ng pakapak
at huning pagak ng kanyang paglisan.

Nang bitiwang niya ako, bumalik
ang tunog ng daigdig – aliw-iw ng paagusang
dumadaloy pababa ng burol, ugong ng usapan,
ang pagtatama ng lupa at talampakan.
Naglaho na ang *bruja*.
Pinagmamasdan ko ang mga leong nagluluwa
ng tubig nang matalos na wala siyang kapangyarihan.
Maaari bang mamutawi ang kasinungalingan
sa mga labing mahimala? Nakaukit daw sa palad
na matatag itong puso. Umaagos ang tubig pababa
ng matandang moog, itim na pakpak ang anino
sa paa, at tumatakbo ako paakyat ng Alhambra
nang di hinahabol ang naglaho kong pera
nang di man lamang nag-uusal
ng sariling kulam o sumpa o ni isang malutong
na putanginamoka.

Estranghero

May kwento ritong matagal na nating alam —

ako, estrangherong nakatanaw sa iyo mula sa kabilang pampang;
ikaw, estrangherang nakauulinig sa tinig ng pagnanasa ko
na magpakilala. Sa isang buhay nating

pagitan, hindi ako

lalapit

at kakamayan ka ng hangin. Lilingon ka kaya
kapag tinawag kita sa mga pangalan mong akin lamang
hinihinala?

May kwento ritong matagal na nating alam —

iiwas ako
sa mapagsino mong tingin
at makikipagkilala sa iyong anino
tatlong hakbang
matapos mong magligpit ng gamit.

Kakawayan kita

pagdating ng sundo mo, tila nangungumusta,
tila nagbibilin ng pag-iingat, tila nagpapaalam

sa maari sana.

May kwento ritong hindi pa natin alam —

kapag nagtatama ang ating mga tingin,
mga bote ng serbesa ang ating mga mata.
Nangungusap sa pagkalansing. Babasagin.
Kapag binasag ko

itong katahimikan,
pupulutin ko ang mga bubog sa iyong paanan.
Babalong ang isang butil ng dugo sa hintuturo.

Handa ka rin kayang masugatan?

Bathaluman,
ikinalulugod kitang masilayan.

Babel

Nasa isip ko ang tagpo nang maglatag Ka ng balaot
ng balarila sa Babel:

may nagbábaón ng pako sa haliging kahoy,
may nagbibiyak ng mga tipak ng bato
at biglang hindi na pako ang pako,
at biglang hindi na kahoy ang kahoy,
at biglang magsasambulat ng isanlibong pangalan
ang batong tinitibag. Ipapasa ang lubid
at magiging ahas na manunuklaw
ang mga salita – kukulo ang hangin sa pagtataka
at magbabaga sa isanlaksang tanong ngunit
nanlilisik na bughaw ang langit, tahimik,
at nakanganga ang toreng walang bubong
sa papawirin.

Muli't muling hahabulin ng tao ang liwanag:
araw na sumisikat sa dagat na ulap sa talampas,
ang malasuklay na buwan. Sisilip sa teleskopyo,
at paglapag ng barkong pangkalawakan sa uka
ng pisngi nitong maladisyerto, maaalaala namin
ang mga labi ng Babel. Walang tunog sa kalawakan
ngunit madagundong kahit doon ang mga piraso
ng tanong na naiwan sa ilang noong bata pa ang mundo.
Alam Mong hindi aabot sa langit ang tore
kahit ang malapot naming pag-asam ang pataba
sa lupa nitong pinag-ugatan. Bakit mo ito pinugto?
Ayaw Mo bang masilaw kami sa labis mong liwanag,
o mabingi sa mga awitin ng korong anghel,
o marahil ninais Mong hanapin muna namin
ang iyong hiwaga sa lupa bago kami tumingala?

At may mga umagang umuulan ng nyebe sa Sahara,
may natagpuang bakteryang kumakain ng plastik
sa Zambales, at may mga amag na sumasapi sa langgam
kaya alam kong hindi mauubusan ng hiwaga ang lupa
at hindi mapapatid ang uhaw namin

na masulyapan ang mailap Mong mukha.
Hinanap Ka namin. Hinahanap.
Kaya ipinagtayo Ka ng dambana sa mga banal na yungib
at hinabihan ng alamat ang bawat gubat, rurok, lambak,
di alintana ang alulong ng hangin sa bituka ng lupa
o ang angil ng sigwa sa pinakamatatalas na bangin,
kaya sumasamba kami tuwing mahahanap ang Iyong wangis
sa katawan ng puno, sa usok ng gumuguhong gusali,
o sa bahid ng dugo sa matandang basahan.

At naririnig ko ang mga putok ng baril
na nagbubuwal sa mga sumasamba
sa masjid at simbahan
at ang ngawa ng mga bagong-silang na bigla-
biglang napupugto sa lapot ng madaling-araw,
at ang mga singhap ng mga bakwit na nalulunod
sa dagat ng alat at dahas. Marahil ang tunay na mahiwaga
ay ang pusikit Mong pananahimik.
Mas malakas ba ang alingawngaw sa langit
ng pakong bumabaon sa kahoy, ng batong tinitibag?
kahit nag-áasóng usok ang mga dalangin ng mga binatang
pinaglilibingan ng punglo, ng mga dalagang sinusunog
ang katawan, ng mga sanggol na nauna nang sumuso
ng dugo kaysa gatas. Nakatindig silang lahat sa bangin,
isinisigaw ang isanlibo't isa Mong pangalan
at ang tanging maririnig na tugon ay ang alimbukay ng alon
at ang layo Mong hindi kayang tawirin
ng dasal.

Mukha Mo kaya ang aming nasulyapan
nang mahanap ang partikulong Bathala,
tipik na nagbibigay-timbang sa pag-iral,
nang makunan ng larawan ang karimlan
sa itim na butas sa dulo ng liwanag?
Wala nang lunan sa mundong hindi namin natutuntungan.
Masdan Mo ang aming pagsibol
matapos mo kaming ihasik sa hangin,
binubulatlat namin ang mga himaymay ng uniberso,

ginagahak ang mga bakod at tabing,
sumisilip sa dulo ng kalawakan.

Masdan mo kami ngayon:

ang mga teleskopyong lumulutang sa kalawakan,
ang mga bombang nakawawasak ng mga kontinente,
masdan mo ang aming mga lungsod sa lahat ng sulok
ng daigdig: tumitindig ang mga bago naming tore
balot ng bakal, salamin, at dagitab,
kumakalmot sa talampakan ng langit

Palapit

nang palapit

sa Katotohanan.

Bahasa

*Sayang*¹, hindi sayang ang ating sintahan
kahit *saya rindu kamu*², kahit matalas
ang alon ng agwat *di laut antara kami*.³
Malayo ka man, tuwi akong makaririnig
ng bahasa – wika — saanman nagmula
sa Nusantara, sa Malaya, sa iyong hininga,
mistulang kasinlapit mo lamang ang lupang
tinutuntungan. Hindi ba ito noon ang hangin,
sumisipol sa Panay man o sa Malaka,
ang awit ng alon mula Tondo hanggang Johor?
Nauulinig ko ito sa pagtiim ng iyong tinig
sa pandinig tuwing maisisip
ang iyong mga labi sa lungsod ng leon.
Malalim mag-ugat dito ang pag-asam:
kapag namulaklak ang ating pagkakawalay,
hahalimuyak ang ilang-ilang sa halik ng amihan.
*Kamu merajuk*⁴ tuwing tataog na tabsing
ang pangungulila at matitikman ko sa pagtilamsik
ang *jarak*⁵ at *rindu*⁶ sa ating pagitan, hanggang
maisalin ng dila ang lasa ng layo sa wika kong
natatalos: nagtatampo ka.
Manja, Pakyut.
Geram, Gigil.
Cinta, Sinta, Ikaw.
Nagniningning ang lupa sa sinag ng buwan.
Magsabi ka, *sayang*, paano ka bumigkas
kapag bumibigkas ng pag-asam?
Jamah bibirku, terjemahkan hasrat ini,
*ajarkan aku untuk memahami erti berahi*⁷
at matututuhan kong bigkasin ang ibig sabihin
ng nasà.

Aleppo

Kapag tumalbog ang bola
patawid ng kalye, alam mong
hindi na iyo ang laruang nakaupo
sa alikabok. Inangkin na ito
ng ginibang lungsod. Hinihiling mo kaya
na makapaghabulan kayo sa kalsada
ng mga kapatid at kalarong kapitbahay?
Alam mo na may mga daang hindi dapat
tinatawid. Na hindi dapat naglalaro
sa kalye. H'wag kang makikipag-usap
sa estranghero. —

Salaam, bati ng alikabok.

Salaam, bati ng ulan.

Salaam, na tila hinihimok kang
mamayapà.

Humuhunin ang ratratan, tila nagpapalakpakang
sambayanan. Nangangati ang talampakan,
nangungusap na dagat ang layo ng naudlot
na paglalaro.

Salaam, bati ng pulang bolang tangi mong laruan.

Kapag sumagot ang talampakan
ng *wa alaikum assalam*, ipaliliwanag
ng bomba na ang ibig sabihin ng layo
ay may mga kalsadang hindi mo dapat
tinatawid, na narito ang balikat mo
sa maalabok na daan, narito ang siko
at naroon sa kabilang kanto ang dating kamay.

Ganito ang ibig sabihin ng layo:
may kapitbahay kang gagapas ng mga talahib
at magdudura ng metralya ang langit
na tatarak sa kaniyang kaliwang mata;
maglalabas ng basura ang iyong kuya
at hahakbang pabalik ang tilamsik
ng kaniyang dugo.

Assalaam alaikum, bati ng ulan ng misil.
wa alaikum assalam, tugon ng bubong.
Nagbibitak-bitak ang kisame sa ibabaw
ng iyong kwarto.

Salaam, yakap ng dating tahanan.
At sumaiyo rin.
At sumaiyo rin.

Marahang Paglalakbay

*“I will, however,
take this feeling to Pontianak, Indonesia
and line the equator with it
because heat expands matter
and I can only pray to the sun
that my hope will stretch far enough to reach you.*

– 牵肠挂肚, Kimchi Lai ¹

Sayang, hindi pa
namumulaklak ang tanim kong ilang-ilang.
Bayaan muna kaya natin silang gumulang?
Hayaan mo akong maglakbay
nang marahang-
marahan
tungo sa iyo. Magbabaon ako ng alamang
at manggang hilaw, ng isang boteng lambanog
na ibinuburo sa langka, at isang kaing
ng gunita.

Itinagay ko ang alaala ng iyong ngiti
pagsakay sa bus pa-Zamboanga.
Lango kong nilisan ang aking bayan
gaya ng gabing una tayong magpaalam.
Ang mga mata mong kawil ang buwan
sa barko pa-Sandakan, kaya bingwitan akong
nahimok sa mga landas ng Sarawak.
Asim ng layo, alat ng dagat, tinitikman
ng talampakan ang daang labuyo
habang pinaigting ng panahon ang lasa't lasap,
tumitiim sa pag-asam, kumakagat:
tumatabsing na alamang,
tumatapang na alak,
namumurok na buwan.

Hayaan mong lakarin ko ang landas
ng labing-apat na araw nating pagitan.
Sa Pontianak, hahanapin kita

sa mga kiming sandali
sa pagsilip ng buwang namimintog.
Habang madaling araw,
papakin natin ang mangga sa anino,
itagay ang alak, at magkatabing malango
sa isa't isa. Hindi natin kailangan
ang bagsik ng araw, ng liwayway.
Sapat nang ngingiti ka
at muling mag-uumaga.

Liwanag,
lumanghap ka: hatid ng amihan ang halimunmon
ng bagong-bukad na ilang-ilang,
nangangako
na may kandili tayong mauuwian
kahit malayúan, kahit matagalán.

Pawikan

Isang tingin mo lang sa mga ulap, alam mo na:
mulí, patayan ang pag-uwi.

A las saís ng gabi. Biyernes. Araw ng sahod.

Lipas na ang panahong bumabalong na patak-
patak ng dugo ang paghinto. Sa ambon
at ganitong panahon, mahahaba nang galos
ang mga lansangan. Lumalapot nang walang
pag-ampat. Hindi mo na mahahanap ang dulo
ng pila sa sakayan. Marahil, wala talaga itong katapusan.
Maaamoy mo ang kidlat sa alimuom.

Nakaumang na ametralyadora ang langit.

Sa iglap bago bumaha
ng dahas, magbabahaghari sa maiitim na uka
ng bangketa ang langis na tumatagas sa kung saan;
kukulot ang ibinubugang usok sa labi;
maubos ang hinihigop na tsaang may gatas
na lasang kundol at biglang
sasabog na bomba ang kulog at raratratín
ng ulan ang mga gusali, ang mga yerong bubong
ang sementong lansangan, ang ulong
walang kinasusukuban. Mag-uunahan sa silong
ang mga katawan, parang mga isdang nasilo
sa multong lambat, nakanganga't nagpupupusag.
Aanurin ng ilug-ilugang gater ang langis,
ang upos ng yosi, ang binitiwang balat ng kendi,
ang puting supot, ang istro ng milk tea.

May magmemenor.

Hindi na mahalaga kung dyip, o bus, o kolum
na van dahil alam nating iisa ang hahantungan
nitong kwento: ikaw, pauwi, makikipagsikuhan
sa ibang katawang tadtad ng hapo at ulan
alang-alang sa gadangkal na puwang sa pagitan
ng dalawang hita. Yayakap ka sa pinapasang bag
habang nanunuot sa medyas ang tubig-
imburnal, parang makalawang na lansetang

nakatutok sa tagilirang walang muwang,
alam mong walang katapusan
itong patayan: dalawang oras sa Ortigas,
isang buhay sa underpass ng Aurora,
baha, kaya ipapako mo ang mata
sa selepono, pilit pumapatay
ng pagkabagot, nangangarap ng ibang
paglalayag.

At uuwi ang pawikan matapos ang halos
isang buhay ng paglalayag — alam niyang
ito ang kinagisnang dalampasigan,
isinaulo ng katawan pagkasilang, iniukit
sa pinapasang bahay paanong niyayakap
ng dagbalani ang malapulbong pampang,
ang pagtikwas ng mga alon,
ang nagbabantang tuka ng kanaway,
ang nakaambang sipit ng alimango.
Aahon siyang mandirigma, beterano
ng araw-araw na paglaban. Sa dagat,
patayan ang pag-uwi. Kay daling
bakasin ng dahas — dugong pumapatak-
patak sa buhangin, tumatagas sa istrong
nakabaón sa ilong, ang paghingang sakal
sa galamay ng maladikyang supot,
ang kinakaladkad ngayong lambat
sa nagbabagang aspalto. Ngayong umuuwi
sa di-kilalang lupa, maitatanong sa pulo:
ikaw ba o ako ang nagbago?

At pag-ahon mo matapos ang halos isang buhay
ng pamamasahe, uuwi kang mandirigma.
Hindi ba, beterano ka ng ganitong pakikibaka:
nakaukit na sa iyong katawan ang lagkit
ng pawet ng kasandalan sa bus, ang pagsiksik
ng puwet sa patlang ng mga hita sa dyip,
ang hugis ng hininga ng katabi sa tren,
matapos maipit sa mga pintong pumipinid
Maaari mong susian ang pinto nang
nakapikit. Alam mong may tuwalya sa banyo.
Mapag-anyaya ang dagat mong kama,
magtatanong, mayroon bang nagbago?

Sa gaspang ng nagbabagang aspalto —
hindi na nga ito ang kinagisnang pulo.
Ngunit pilit sinisino ng sugatang palikpik
ang mainit na aspalto, humuhukay
ng pugad na walang lukong, mangingitlog
sa itim na tarmak.
Habang ikaw ay naghahanap ng murang tiket
sa eroplano patungong Maldivas.

Bakolod

10:30 ng gabi, 22 Abril 1980. Naglalayag patungong Lungsod ng Bakolod ang MV Don Juan nang bigla itong mabangga ng petrolerong MV Tacloban City ng Philippine National Oil Company sa Kipot ng Tablas. Sa loob lamang ng ilang minuto, pinasok ng tubig-dagat ang barko at tuluyan itong lumubog. Maraming sakay na mag-aaral sa mga pamantasan sa Maynila ang naturang barko, pawang pauwi sa Bakolod sapagkat bakasyong pantag-araw. 18 ang nangamatay habang 115 naman ang nangaglaho ayon sa mga ulat. Nagkataong nang mangyari ang trahedyang, naghihikahos din ang lalawigan ng Negros dulot ng pagbagsak ng presyo ng asukal sa buong daigdig.

Hindi ka nila kasamang umuwi, anak.
Galak ko na hindi ka umuwi ngayong Abril
sapagkat hindi ba sagisag ng wakas
ang pagbabalikbayan? Nais kong manatiling
bukás na may isang búkas na kakatok kang muli
sa bahay at maghahanap ng bukayo.
Ibig kong manalig
na sa tambak ng sanaysay ka lamang nalubog,
o sa mabababang marka ka nalulunod
kahit marahas ang salpok ng kutob,
kahit nalalalahan ko ang alat sa hangin
at ang hapis sa ambon.

Nagsisibol ng tamis itong lupain –
sa mata, sa bibig, sa haluk¹ –
ngunit naglalaho ngayon ang lasa ng lupa,
pumapait ang tadhana, umaasim ang mukha
ng araw, tinitigmak ng alat ang lahat.
Tinitibag ng banyagang alon itong bayan, inaagnas
ng asin ang bakod ng sinaunang moog,
ginabawi sang dagat ang tanan.
Maskin ikaw.²

Magkaiba ang minatamis at ang matamis.
Ang litrato at ang ngiti mo. Liham mo't tinig.
Alaala at ikaw.
Paborito mo ang matatamis, anak,
at nagmumulto ang ngiti mo tuwing

kumakain kami ng nanay mo ng bukayo.
Kamakailan, nag-iiba raw ang lasa ng lupa.
Hindi na rin ito kataka-taka.
Marahil hindi na dapat ako magtanim
ng sama ng loob, marahil kaya kumukupas
ang tamis ng tubo, luha at hapis
ang ipinandilig.
Lalaging matamis ang ngiti mo sa gunita.

*Basi, basi, indi na dapat magluha.*³

Maynila

Ibig kita

na ihanap ng nilad. Malamang, wala akong mahahanap sa pampang ng patay ng ilog. Hindi ko na kailangang tingnan ang itim nitong rabaw o langhapin ang sangsang ng tubig upang mabatid na binabakbak dito ang kasaysayan.

Masdan: mga bahay na binulag ang durungawan, mga lansangang may nagnakaw ng pangalan, mga nilumpong rebulto sa tabindagat.

Tuwing mag-isa akong naglalakad sa lungsod, napapansin kong natutuklap ang kulay ng paligid, kumukupas ang grafiti sa mga pader, naninilaw ang dahon ng mga puno.

O marahil, lalong naaagnas itong lungsod dahil ika'y malayo?

Gusaling salamin ang mga mukha sa tren pag-ingit ng preno. Biglang uulan habang naglalakad sa kalawanging daangbakal. Wala akong payong.

Ganitong saklap na lamang ang namumulaklak na nilad sa Maynila.

Ibig kitang sundan sa lupalop sa Timog – ikaw kaya ang kayamanang hahantungan ng mga santelmo sa buntot ng mga sasakyan?

Gaya mo, hindi ko ikalulungkot iwanan ang mga pusaling nagsasanaw sa bangketa ng Taft, o ang pagtigil ng panahon sa EDSA at Skyway, o ang malumbay ritong lambong ng usok at pangungulila.

Ngunit may umuugit na kulirong kirot sa puso tuwing maririnig ang babala na ang Maynila ay lulunurin ng dagat at lalamunin ng lupa. Sa walang-ilaw na riles, matatalisod ako sa iyong alaala: hindi ba dito kita unang nakilala?

May umagang kinaon kita sa opisina, dapithapong sinamahan kang magpatingin ng ngipin, gabing nahumaling sa timyas ng iyong tinig.

Magapok man ang lahat ng gunita nitong kalunsuran,

mananatili ang mga bakas ng ating kasaysayan:
ang pitlag ng dagitab sa dulo ng nagdikit nating mga daliri,
ang alingawngaw ng harana sa Cubao,
ang pagdarampi ng ating mga labi sa Alabang.
H'wag mong ipagtaka ang kakatwa kong pagpapahalaga
sa bayang itong walang alaala –
may matitibay ritong tahanan,
mga lansangang hindi malilimot
ang pangalan, mga bantayog sa dalisay na pagsisintahan.

Mahal,
dito kita inibig noong una pa man.

Mga Langgam ang Cuyo

Dito sa Maynila, ibo'y mayang lahat.
Dumadalaw pa ba'ng mga imamadyang
pag nagluluto ka ng sinakol, inay,
o kaya ng kumbo nga dorong kasarap?

Nagtatampisaw pa kaya'ng mga tagak
pag nagmemeryenda doon sa Kapusan?
Hinuhubuan din nila'ng baryawbaryaw
pag kami ni Itay ay nagpapakinas.

Sawâ na ako, 'nay, sa chicken mcdo.
Nilegeb nga manok sana'ng 'padala n'yo
pati na rin kasoy nga brittle o bandi,
at kahit iilang hibla-hiblang lato.

Pagkat ang isipa'y t'winang nasa Cuyo,
nagalepad-lepad, umuuwi-uwi.

Silid Natin Itong Nakaw na Ngayon

Lagi tayong nakahahangap ng puwang
sa mumunti nating mga sandali. Lagi,
pumupuslit tayo sa mga singhap
ng saglit. Iwanan mo ang relo sa bangketa,
ang lata ng serbesa, ang pangungulila.
Hayaang mamitig ang oras sa labas
ng iglap nating pamamalagi sa piling
ng mga pangako nating hinihinala.
Pasuin mo ng apoy itong balat.
Hindi naghihilom dito ang sugat.
Dis-oras lagi ang gabi
at ang araw sa lunan nating limot
ng layo't laon. Alaala ang kulay ng liwanag
at hindi humihinga ang mga dingding.
Sayang, hindi ba tayo matututong magyakap
nang hindi nagbabanta ng paglisan?
Parang ng graba sa tabi ng liblib na lansangan,
paradahang walang kotse sa ilalim ng lupa,
balikat mo sa ulan. Gasulok ang langit
sa durungawan, malapot at bughaw.
Sa labas, natutulog ang mga ugat
ng lungsod, mga kalsadang walang tibok.
Huwag ka munang babangon.
Isandal ang porselanang balat sa katawan kong luad.
Huwag kang magbibilang. Damhin ang bigat
ng palad, ng halik, ng hawak, ng talik,
huwag ka munang mumulat, huwag
papapasukin ang panahon sa mga mata
kasabay ng liwanag
kahit iisa ang lapot ng silim at banaag,
at iisang kaway rin ang paalam at pagdating.

Kung pagmamasdan mo ako sa ganitong tanglaw
ng gunita – matatabig at mapipipî
ang lata ng serbesa sa sahig, dadaloy
ang panahon, manginginig ang selepono

sa ilalim ng unan, titilaok ang mga unang busina,
paalaala: sa loob ng iilang oras,
may sásakyang bus at eroplanong lilipad,
na kahit sa loob ng silid nating nakaw na ngayon
kakampay ang mga kamay ng iniwang relo,
matatapon ang alak, maghihilom ang halik
mong apoy sa dibdib, at panonoorin nating
maglahong isa-isa ang mga bula sa sahiig.

Ulap ni Magallanes

Minsang humiga ako sa isang dalampasigan sa Cebu,
tiningala ang karimlang nagbubunyag sa kiming sinag
ng balatas. Hitik ang walang-ulap na langit
sa multong liwanag ng mga patay na tala
habang kubli ang tanglaw ng mga bituing bagong-silang.
Ipinagtaka ko: tanda kaya ng mga alon dito
ang pulang ulap na kumanaw sa makáting tubig ng Maktan,
kasimpula ng bumungisngis na punit ng pagkaganid
sa leeg ni Magallanes?

Umaga nang binyagan siya ng paganong pampang –
conquistador, puting diyos, dayuhang mortal –
at pangumpisalin ng alangaang ang nakangangang lalamunan.

Hanggang dumalangin ng dugo at ng bula,
sa pagsusuminghap ng dagat at dasal,
at sakupin ng alat ang kapuluan ng baga.

Ito marahil ang huli niyang gunita: kayumangging bisig
puting kislap ng kampilan, ang biglang halik
ng gilit, at pagpinid ng kabaong na asin at tubig.

Bakit kaya kinailangan
na ipangalan sa puting pangitain ng ating pagkaalipin
ang isang anyong-langit na nagluluwal ng liwanag?
Napagmunihan kaya ni Lapulapu
matapos magbaon ang kaniyang mga kawal
ng mga sibat at palaso sa katawan ni Magallanes
na gaya ng pagtiim ng dugo nito sa mga butil ng buhangin
ay titigibin din ng kaniyang kapangahasan
ang malalayong bituin sa kabilang ibayo ng kalawakan?

Nais kong sabihing iisa ang kulay ng kamatayan.
Nais kong ipagtindig ng rebulto sa malalayong lupalop,
ipangalan sa lansangan, sa nagdadalantalang
tipak ng kalawakan.
May naghahabulang limulido sa dalampasigan.
Sabay silang durukutin ng dagat at mabubura

ang pangalan kong iniukit sa pampang.
Hindi ganito ang nasusulat sa aking palad.
Bumubulong ang malasutlang dilim,
itinuturo ang landas ng mga bituin. Nanghihimok
ang kulog sa ulap ni Magallanes:
humakbang sa dagat, maglakbay, maglayag
hanggang sa dulo ng mundo.
Walang mapa. Ang tanging dala-dala ay atas
ng isang hari at basbas ng Santo Papa,
mga barkong pandigma, mababalasik na sandata,
mababagsik na kawal, dalisay na pananampalataya,
ang mga biyaya ng kabihasan at katubusan
hanggang makahanap ng tribong kasimpintig ng lupa
ang balat. Maawa ka sa aba.
Iahon sila sa dilim ng kanilang kamangmangan.
Kupkupin. Sakupin. Mga kaluluwa'y sagipin.
At bilang kapalit, maaaring samsamin ang kanilang ginto
angkinin ang mga katawan, gibain ang gunita at tahanan,
at kung manlalaban, paslangin, ialay
ang lamang niluray-luray sa puting altar ng Diyos
ng Pag-ibig. Dapat silang magpasalamat kapag iyong inilapat
ang hugis ng kanilang pulong liblib sa mapa ng daigdig.
Binyagan mo ng wastong pangalan — *Victoria, Felipe* —
nangungusap ang malalabong sanaw ng kanilang mga mata
na ni hindi nila alam na may lupa silang kinatatayuan
bago mo ito natuklasan.

Nais kong sabihing iisa ang kulay ng kamatayan.
Sa buhangin, may limulidong biyak ang katawan
at bughaw ang dugong tumitiim sa buhangin.
Nanghihimok ang Ulap ni Magallanes:
hahakbang ako sa laot,
at idudura ng dagat ang kayumanggi kong katawan,
ang mga pisnging namimintog sa pagaagnas,
ang kutis na kulang sa putla,

nais kong sabihing iisa ang kulay ng kamatayan
ngunit itong bangkay ko'y walang tinig ni pangalan.

Sidney

Hindi ikaw ang inakala ko
na lungsod sa pampang ng payapa
na karagatan. *Pacifico*, anila,
sapagkat malaya umano ang bughaw
nitong rabaw sa ligalig, sa sigwa.
Salamin ng pusong panatag
gaya nitong hapon, na naglakad tayong
magkahawak-kamay sa taglagas.
Himbing ang mukha ng iyong
nagsasanga-sangang mga look.
Waring tag-araw dahil natutupok
ang mga puno sa pagpapalit ng bihis
na dahon. Masdan mo ang karagatan
sa bintana, ang malapulot na sinag
ng buwang umaagos sa hubad mong
katawan. Ikaw ang tag-init –
tumingkayad sa ilog sa puso
ng Bulubunduking Bughaw at nilalasing
ng titig mong nagbabaga ang kaluluwa.
Maaari palang magliyab ang hangin
kapag nangangalansay ang mga puno.
Ipinangako ko itong pagdalaw,
at pangako mong ilalatag natin ang tag-araw.
May bising na tumatakbo sa bangketa
habang papauwi tayong dalawa,
may mga bituin sa lupa paghagibis ng tren.
Ngunit biglang naging bungo
ang mukha ng buwan pag-ugong ng didjeridu.
Dapat bang ipasalamat ang mga patak ng luha
nating pumasong sa balat nang ipagunita
ng hangin ang pagdatal ng taglamig?

Ngunit lumalampas ka sa abot-payapa,
ngumangata ang lamig na lulan ng simoy,
mararahas ang hampas ng mga alon sa dalampasigan

ng Bondi. Yapos mo ako kagabi
at pumupulupot sa mga buto ko ang ginaw. Paano,
paano ko ba inisip na lupain ito ng laging tag-araw?
Pinanonood ko ang mga taong natuto nang
sumakay sa mga alon. Mainit sa tainga
ang iyong bulong – na ikaw pala ay lupain ng kamandag,
ng mga gagambang mapamaslang,
ng mga puting dikyang lason ang haplos.
Ibinabaon ng iyong pag-ibig ang pangil
sa puso, kukong tigmak ng kamatayan –
pag-amin, paumanhin, narito ang bangkay nang
kasalanan. Nakatitig ako sa totoong mukha
ng iyong karagatang payapa – mabangis, umaangil
ang mga along kumukulot sa iyong pampang
bago magsabubog.

O baka ikaw nga
ang lungsod na inakala kong nasa dulo ng payapa
na karagatan.
Ang umaalingawngaw mong kasinungalingan,
ang paulit-ulit na pagtataksil at pamamaalam,
mga mumunting bagay na muli't muling dumaratal
gaya ng muli't muli kong paghahanap sa iyo
sa iba't ibang katawan. Pabalik-balik akong
nagtatanong: yelo ba o apoy ang pakiramdam
ng kamandag? Dama ko itong gumagapang sa mga ugat.
Muli kang yumayakap, at aapuyin ako ng lagnat.
Hindi ba dumarating ang kamatayan
limang minuto pagkatapos ng haplos ng putakting-dagat?
Nakamamatay itong maliliit na bagay.
Nakalingkis ka sa akin at may biglang hapdi sa katawan.
Itim ang gagambang kumaripas, nakabakas sa sikmura
ang pulang orasan.

Lamig, Turuan Ako

Disyembre, 2018

Taglay raw ng puting ulan
ang kahulugan ng ganitong panahon.
Paalaala ang lamig ng halaga
ng init.
Isinusumpa natin ang pagtatapat
ng tanghali, ang lagkit ng titig
ng araw sa batok, ang mahigpit na yakap
ng alinsangan sa pang-a las sais na tren.
Bakit nga ba hindi hahanapin ang ngata
ng lamig sa daliri habang nanlilimos
ng ginhawa sa siwang ng mga durungawan
ng tanggapang may erkon o ang sampal
nito sa mukha tuwing padulas na bubukas
ang salaming pinto sa mall?

Sa Seúl,
magiging gamugamo ang mga kamay
na tinataglamig. Lilikas silang
sumisibad tungo sa kandili ng apoy.
May umagang marahang-marahang
lulutang ang mga talulot ng niyebe
pabalik sa lupa – higit na iibiging ihalik
sa ningas ang mga daliri
kaysa ipansahod sa puting ulan ang palad.

Sa Sapporo,
mapagmamasdang mamaluktot sa lamig
ang mga puting hibla ng hininga.
Turuan akong hangarin ang init,
matapos dapuan ng andap ang mga pilik,
madulas ang hakbang sa yelong gumaok sa daan,
manigas at mamurok ang tainga,
mangirot sa ginaw ang mga daliri.
Turuan akong lasapin ang init,

na magbalot ng makapal na balabal at tsaketa,
matakam sa umuusok na mangkok ng ramen,
sa marahang hithit ng yosi,
sa halik ng pulang bulaklak sa palad,
sa ngiti, sa akbay, sa yakap.
Turuan akong ibigin ang init,
na makitagay sa estranghero sa malayong bayan,
na magpasukob ng kaagapay sa biglang-ulan,
na makisalo sa bahay ng kaangkan,
magregalo sa kaibigan, yumapos sa minamahal,
makitawa, makinigiti, makisalo kahit hiram
lamang ng amihan ang lamig sa niyebe.

Sa Heidelberg,
payapa at nakabibingi
ang walang-imik na hamog sa puso
ng kakahuyan. Himbing ang nyebe,
natutulog ang mga anito
ngunit nagtuturo ng pagsamo.

Lumalagaslas ang puting ulan.
Lamig, turuan akong magmahal.

Hinggil sa Pagsasalin ng Materya sa Liwanag

“Within a week, the average global surface temperature would drop below 0°F. Photosynthesis would halt immediately, and most plants would die in a few weeks. With the food chain's bottom tier knocked out, most animals would die off quickly, but scavengers picking over the dead remains could last until the cold killed them. Of course, the sun doesn't merely heat the Earth; it also keeps the planet in orbit. If its mass suddenly disappeared the planet would fly off, like a ball swung on a string and suddenly let go.”

— *If the Sun Went Out, How Long Could Life on Earth Survive?*, Holly Otterbein

$$E = mc^2$$

— Albert Einstein

I.

At sapagkat nasukat natin minsan ang langit,
hayaang isaysay kong muli ang araw
bilang paalaala, marahil, na dati itong
sinasamba. At bakit nga naman hindi?
Itong lunduyan ng liwanag at ng lupa,
ilang laksang taon nga bang ibinilad
ang buhay sa kumpas ng anino at banaag?
Basagsilim, tanghali, dapithapon, tag-ulan,
tag-araw, bakit nga naman hindi:
kumikislap ang kanyang ngiti sa hamog sa uhay,
at nagbabanta ng sigwa ang pagtatampo.
Ilang laksang taon din
bago natin nalamang hindi anito kundi
mortal ang araw,
na may 4.6 bilyong taong gulang ito
at nakatakdang maghingalo sa loob ng 5 bilyon,
na ang ibig sabihin ng tag-ani ay may init
itong 15.7 milyong kelvin sa ibutod
at 5 milyong kelvin naman sa ibabaw,
na kaya natin nabibilang ang mga taon ay dahil

may timbang itong isang milyon, siyam na raan,
walumpu't walong libo, limandaang milyun-milyun-
milyun-milyong kilograma, at kasimbigat
ng tatlong daan, tatlumpu't tatlong libong daigdig,
bigat na bumubulid sa akin sa kaniyang mundobalani,
na ang ibig sabihin ng pangungulila
ay 149,600,000 kilometro ang layo ng araw sa lupa,
o luksang layong tinatawid ng hibla ng liwanag
sa loob ng walong minuto at labinsiyam na segundo.

II.

May bighaning angkin ang dating pag-aanito:
nilalamon ng halimaw ang buwang nagtatago,
binulag ng araw ang isang mata ng buwan
kaya maningning ang umaga at pusikit ang gabi
na maaaring pitasin at ikwintas ang bituin.

Ngunit may sariling alamat na taglay ang mga bilang:
masusukat mo sa pamilyar ang kalawakan.

Anang agham, may katumbas na sukat ang ningning
ng araw, 3.78×10^{28} lúmenes, na kaya nating tuusin
kung ilang kandila ang dapat itirik bago ito matumbasan
ng tanglaw. Maiuugat sa katawan ang santinakpan,
maitatanong: gaano ba kahigpit ang yakap
ng araw sa Marte at Pluton, ilang kisapmata
ang pag-inog ng buntala, ilang puso
ang timbang nitong daigdig, ilang hakbang
bago makabalik ang ilaw sa pinagbukalan?

At masasagot. May nakapapanatag na higing
ang kanilang tinig, tiyak at malamig:
hindi biyaya ni bitag ng langit ang liwanag,
hindi ito matang nanlilisik o nagbabaga.

Makinig:

sa pinakapuso ng araw, segu-segundong nagsasalpukan
ang mga butod ng 600 milyong toneladang Idroheno,
 3.7×10^{38} protones na nagsasanib-sanib, nagbabanyuhay
nagiging Helyo, nagtatalik nang marahas,
nagsisilang ng liwanag.

III.

O marahil dapat sukatin ang ningning at init
sa kapal ng anino at tindi ng lamig?

Hayaang isaysay ko ang araw ngayong
wala ka sa mundo.

Tiyak ang patak ng mga segundo –

9,192,631,770 likaw ng hunab sa pagitan
ng dalawang hiperfinong antas ng Cesium-133
sa ganap na kawalan ng init ngunit tila
pinahahaba ng iyong paglisan ang mga saglit.

Patak ng tubig na kumakapit sa nguso ng gripo,
may malagaok na lapot ang mga sandali.

Mahirap sumulong sa lamlam ng mga tala
subalit patuloy kong naaaninaw ang mga anino
ng ating sumpa sa karimlan. Susundan ko,
matitisod sa nakausling ugat sa bangketa.

Wala nang bumabati ng magandang umaga,
wala nang nagbibiling huwag magpapagabi
dahil lagi nang gabi at binalot na ang lahat
ng kikap-lamig: andap sa pilikmata, nagyeyelong
lansangan, lambak ng ginaw at niyebe
ang matatalas na alon ng dagat at ng pag-iisa.

Ganito ang mundong walang araw:

laging hinahabol ang hininga at ang iyong alaala,
malutong na napupunit sa talampakan
ang mga dahon, at bumubulalakaw ang lahat
ng bituin sa papawirin nitong mundong
tumitilapon sa kawalan.

IV.

at sapagkat madilim, isaysay mo sa aking muli
ang iyong mga araw – paano mong ibinabalik
sa pagkakahimbing ang seleponong pumapalahaw
sa iyong kama at ang mga ritwal mong tubig
sa umaga. Bigyang hugis mo sa labi ang sinasapantaha:
lagaslas ng tubig sa iyong buhok
ang naghahamog na pawis sa indayog mong ilog,
ang pagdilig ng mga rosas sa balkon.
Pinatutuloy mo pa ba ang liwanag bago tikman
ang bagong-timplang tasa ng kapeng hinihintay
ng nag-iinat mong katawan?
Ano na ba ang pakiramdam ng halik
ng liwayway sa balat mong matabang lupa?
Ano nang dalangin ang iniusal tuwing hatinggabi?
At ngayong maagang magdilim
at laging may tinik ng lamig ang hangin,
nasaan ka?

V.

Minsan na nating nasukat ang langit.
Hayaang ituro ko sa iyong muli ang araw.
Ayon sa huna ni Einstein, maaaring isalin
ang pag-iral sa kusog. Hindi ba,
napatunayan na rin natin ang lihim sa puso
ng mga tala? Masdan mo ang mga pilat ng pingkian
sa ating mga katawang nagdiklab
ng mga bulalakaw sa matalik na dahas.
Maaaring ilahad ng laman ang landas
pabalik sa banaag. Sundan ng mata ang sinag. Sa puso
ng araw, lumilikhang iglap-iglap ng sinagtala.
Hayaan mong ituro ko sa iyo ang araw,
hayaang ibalik sa iyo ang inagaw na liwanag.
May 4.7×10^{27} na atomo ng Idroheno sa katawan;
ilang lúmenes kaya ang malilikha nilang ilaw
kung isasalin itong materya sa liwanag?
Sisimulang gahakin ng pagbabanyuhay ang mga pilat
sa labi, sa tadyang, sa puso. Wawalong minuto
at labinsiyam na segundo ang layo ng lupa sa araw.
Hayaan mong ibalik sa iyo ang inagaw kong
liwanag.
Pumikit. Magbilang:
isanlibo't isa,
isanlibo't dalawa,

Mahal, dahan-dahan akong humahakbang.

VI.

Paalam.

Mga Tala

Bukod pa sa Filipino, may 6 na wikang lumitaw sa kalupunang ito ng tula: Español (sa Alhambra), Bahasa Melayu (sa Bahasa), Arabe (sa Aleppo), Hiligaynon (sa Bakolod), Cuyonon (sa Mga Langgam ang Cuyo), at Ingles (sa iba't ibang epigrape).

Salin ng ilang linya sa tulang *Bahasa* na nakasulat sa Bahasa Melayu.

1. “Mahal,” ibinabansag sa kasintahan, malambing at mapagtangi.
2. Nangungulila ako sa ‘yo
3. Sa dagat nating pagitan
4. Nagtatampo ka
5. Layo
6. Pangungulila
7. Tikman mo’ng aking bibig, isalin itong paghahangad, ipaunawa sa akin ang lunggati

Sa tulang *Banayad na Lakbayin*, (1) binabasa ang pamagat ng tulang sinipi sa epigrape — 牵肠挂肚 — bilang “qiān cháng guà dù.”

Salin ng ilang linya ng tulang *Bakolod* na nakasulat sa Hiligaynon.

1. Sa mata, sa bibig, sa halik.
2. Binabawi ng dagat ang lahit. Kahit ikaw.
3. Baka, baka, hindi na dapat lumuha.